

## GABAY SA PAGSAMBA: 31 ENERO 2021

### PANIMULANG AWIT IMNO NG PAGPUPURI

### “O Come Let Us Worship” “Ating Purihin”

Chancel Choir  
UCCP HFJ#6

*Ating purihin, ating purihin ang Dios na dakila.  
Pagsamba ay ialay umawit ang madla;  
Ang pangalan, ang pangalan Niya ay laging ibandila,  
Purihin sa langit, purihin sa lupa.*

*Ang pagpapala, ang pagpapala ng Dios ay hanapin,  
Maglingkod na palagi't ang aral Niya'y sundin;  
Ang pag-ibig, ang pag-ibig Niya ay laging siyang dalhin,  
Biyaya ng buhay ay ating kakamtin.*

*Buong tiwala, buong tiwalang buhay ay ialay,  
Ang lahat ay ilagak sa Kanyang kandungan;  
May biyaya, may biyaya S'yang sa ati'y iaalay,  
Purihin S'yang lagi, purihin kailanman.*

### TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot: Purihin si Yahweh!

**Iglesiya: Buong puso Siyang pasasalamat, aking pupurihin sa gitna ng nagkakatiyon Niyang hinirang na bayan.**

Patnugot: Tunay na kahanga-hanga ang mga gawa ng Panginoon! Lahat ng nalulugod sa Kanya ay ninanais itong unawain.

**Iglesiya: Lahat Niyang gawa'y dakila at wagas, katuwiran Niya'y hindi magwawakas.**

**Lahat: Pinalalaya Niya ang Kanyang mga hinirang at nagsagawa ng walang hanggang tipan sa kanila; Siya ay banal at makapangyarihan!**

### DOKSOLOHIYA

*Puri sa Dios ng biyaya, sa lahat Niyang nilikha;  
Kalangitan ang naghayag ng Kanyang kapangyarihan. Amen.*

### PANALANGIN

Makapangyarihan Dios, ang Iyong Anak na aming Tagapagligtas na si JesuKristo, ay ang ilaw ng sanlibutan. Loobin Mo na ang Iyong bayan na naliwanagan ng Iyong Salita at mga Sakramento, ay magingning sa liwanag ng kaluwalhatian ni Kristo, nang sa gayon Siya ay makilala, sambalin at sundin hanggang sa dulo ng daigdig, ngayon at magpakailanman. Amen.

### TUGONG AWIT

### “Aking Katungkulan” (A Charge to Keep I Have)

MASP#63

*Aking katungkulan, Dios ay papurihan, Kaluluwa ay ingatan Lumagi sa buhay.*

### TAWAG SA PAGSISISI

Patnugot

Ating ipahayag ang ating mga kasalanan sa Dios: maliwanag na wala sinuman sa atin ang naging tapat sa Kanya at sa kapwa at ang ating patotoo ay naging taliwas sa Kanyang pag-ibig. Sa liwanag nito, at ayon sa atas ng Tagapagligtas, sama-sama tayong magtapat sa ating pagsamo upang kamtin ang mabiyayang pagpapatawad ng Dios.

### PANALANGIN NG PAGSISISI

Makapangyarihan at mahabaging Dios, alam Mo ang laman ng aming mga puso. Tinatanggap naming kami ay nagkasala sa Iyo at gumawa ng kasamaan sa Iyong paningin. Sinuway namin ang Iyong banal na mga kautusan. Winalang-bahala namin ang Iyong Salita at mga Sakramento. Patawarin Mo kami, O Panginoon. Pagkalooban Mo kami ng biyayang lakas at katatagan upang iwaksi ang mapanakit na mga bagay nang sa gayon, bilang mga napalaya mula sa kasalanan, magdala kami ng mga nararapat na bunga ng pagsisisi at mula ngayon ay lumakad sa Iyong banal na adhikain; sa pamamagitan ni JesuKristong aming Panginoon. Amen. *(Tahimik na pagbubulay)*

### KATIYAKAN NG KAPATAWARAN

Pastor: Sa biyaya ng Dios tayo ay pinatawad na, sa kahabagan ng ating Manlilikha, sa pamamagitan ng pag-ibig ni JesuKristo at kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Tayo ay magdiwang at maging masaya!

**Iglesiya: Luwalhati sa Dios! Amen.**

### TUGONG AWIT

### “Aking Katungkulan” (A Charge to Keep I Have)

MASP#63

*Ako ay ingatan, Sa lahat ng araw; At ng aking magampanan Iyong kalooban.*

### MGA PAGBATI AT PAGBABALITA

### PANALANGIN NG IGLESYA

Pastor

### TUGONG AWIT

### “Aking Katungkulan” (A Charge to Keep I Have)

MASP#63

*Tawag N'ya'y masunod, Sa tana'y maglingkod;  
Buong lakas ay ihandog, Sumunod kay Jesus.*

### ARALIN SA LUMANG TIPAN (Sagutan)

Deuteronomio 18:15-20

### GLORIA PATRI

*Ang Ama'y papurihan, at ang Anak at ang Espiritu,  
Magmula sa unang mula, Ngayo't magpakailanman.  
Walang hanggan. Amen. Amen*

### PAGBASA SA BANAL NA KASULATAN

Marcos 1:21-28

### MENSAHE SA AWIT

### “Take Time To Be Holy”

Chancel Choir

PAGBUBULAY

“Ang Sugo At Ang Salita”

Elder Voltaire Organo

**TAWAG SA PAGHAHANDOG**

Ang ating mga salita ay marapat na makita sa ating mga gawa. Ating ipamalas ang pag-aalay ng ating mga sarili sa pagkakaloob ng ating mga handog. Ating patuloy na sambahin ang Dios sa paglalagak ng ating mga ikapu, pangako at mga handog.

**HANDOG AWIT**

**Hymn Medley**

**Bro. Glen Cantada**

**PANALANGIN NG PAGTATALAGA**

Malugod naming Ibinabalik, O Makapangyarihang Dios, itong mga ipinagkatiwala Mo sa amin. Magalak naming inihahandog ang aming mga sarili ng sa gayon lyong pagpalain at upang aming dalhin ang lyong banal na mensahe nang may sigasig at pagka-maagap. Gamitin Mo kami at ang mga handog na ito, O mahal naming Dios, nang ang lyong pag-ibig ay madama sa aming tapat na pagsasapamuhay ng bawat araw, sa pamamagitan ni Kristo na aming Tagapagligtas. Amen.

**KAPAHAYAGAN NG PANANAMPALATAYA NG UCCP (Ikalimang Artikulo)**

**SUMASAMPALATAYA KAMI Na ang Dios** ay kumikilos upang gawing isang bagong nilalang kay Kristo ang bawat tao at ang buong daigdig na maging Kanyang kaharian kung saan ang pag-ibig, katarungan at kapayapaan ay naghahari. Ang KAHARIAN NG DIOS ay naroroon kung saan ang pananampalataya kay Kristo Hesus ay ibinabahagi, ang pagpapagaling ay ibinibigay sa mga may sakit, ang pagkain ay ibinibigay sa nangagugutom, ang liwanag ay ibinibigay sa mga bulag at ang kalayaan ay ibinibigay sa mga bilanggo at inaapi.

**IMNO NG PAGTATALAGA**

“Ngalang Jesus Anong Tamis”

**MASP#273**

**(How Sweet the Name of Jesus Sounds)**

*Ngalang Jesus, anong tamis, Sa aking pandinig  
Lungkot, lagim at ligalig Lahat naalis.*

*Aliw ng pusong may sakit Ginhawa ng dibdib  
Pagkain ng diwang hapis Lunas sa hinagpis.*

*Ngalang mahal! Patibayin ang buhay kong angkin  
Kayamanang walang maliw Batis ng paggiliw.*

*Ang puso ko’y walang kaya Diwa ko’y salat pa  
Ikaw kung aking makita ay pupurihin Ka.*

*Pag-ibig Mo’y isiwalat Nang upang mahayag  
Sa ngalan Mong sakdal timyas Kalul’wa’y may galak. Amen.*

**PANGWAKAS NA PANALANGIN/PAGPAPALA**

**TUGONG AWIT NG KORO**

“Father, Give Thy Benediction”

**Chancel Choir**


**PAGTATAPOS NA TUGTUGIN**



**UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES  
ELLINWOOD-MALATE CHURCH**



31 Enero 2021



“Ang Tunay Na Propeta”

4th Sunday After Epiphany

Membership Growth And  
Discipleship (MGD) Sunday

**Tagalog Liturgy**

1660 Dr. A. Vasquez Street, Malate, Manila, Philippines

Tel. 8523.6564; 8536.2970; 8400.9972

website: [www.ellinwood-malate.com](http://www.ellinwood-malate.com)

## ANG SUGO AT ANG SALITA

Tagalog Worship Service 31 January 2021  
Deuteronomio 18:15-20, Marcos 1:21-28

Mga kapatid, ano ang halaga ng iyong salita?

Ngayong panahon ng pandemya, ako po ay nagtuturo gamit ang online o birtuwal na pamamaraan. Gamit rin po namin ang Zoom, at madalas po ay nais kong makita ang aking mga estudyante kaya't hinihiling ko na buksan nila ang kanilang video. Isang araw, sa gitna ng aking pagtuturo o lecture, sabi ko sa mga estudyante, "Kapag pinaghalo nyo ang kemikal na ito at ang kemikal na ito, ito ang magiging reaksyon na may ganitong kulay." Dahil hindi ko naman naipakita ang buong eksperimento sa kanila, sinabi ko na lang na "Basta maniwala kayo sa akin. Ganyan ang mangyayari at iyan ang kulay na lalabas." Napakunot na lang ang mga estudyante ko at nagtanong ang isa sa kanila, "Eh sir, paano ko po malalaman kung ano ang mangyayari kapag pinag-react ko sila?" Ang sagot ko, "Ewan ko sa iyo. Basta ako alam ko." Sabay tawa. Hindi natuwa ang batang ito kaya sinara na lang nya ang kanyang video.

Tayo po ay manalangin.

Buksan Nyo po ang aming puso't isipan upang aming matanggap at maunawaan ang Inyong mensahe sa oras na ito. Sa ngalan ni Hesus, amen.

Maaaring ang aking salita sa kwento ay pawang kalokohan lamang at hindi pwedeng pagkatiwalaan. Ngunit may salita na pawang katotohanan at tunay na pagkatiwalaan.

Ang ating tema sa Linggong ito ay "Ang Tunay na Propeta." Ito ay hango sa ating nabasa kanina mula sa "Deuteronomy" (Deuteronomio) kung saan ipinahayag ng Diyos ang pagtatalaga ng isang propeta na siya namang maghahayag ng mensahe Nya sa mga tao. Subalit ang temang ito ay binubuo ng dalawang paksa: Ang Sugo at ang Salita ng Diyos (the messenger and the message). Sa aking pag-aaral ng teksto na ating nabasa, mukhang inakay ako ng Banal na Espiritu na bigyan pansin ang dalawang paksa ng ito sapagkat baliwala ang propeta kung wala ang salita ng Diyos sa kanya. The prophet is nothing apart from the word of GOD.

*Ang Sugo At Ang Salita... page 1*

Kung ating iisipin, ano o sino po ba ang tunay na propeta? Ayon po sa ating nabasa kanina, may dalawang (2) katangian ang propeta ng Diyos. Una, ang tunay na propeta ay itinalaga ng Diyos. Hindi siya naging propeta dahil sa kanyang antas sa lipunan. Hindi rin sya naging propeta dahil siya ay nagtapos ng Batsilyer ng Propesiya o Master of Divination sa Unibersidad ng mga Propeta. Hindi sila pumasa sa isang Board Exam para magkalisensya. Hindi rin sila itinalaga ng isang Obispo ng simbahan. Sila po ay naging propeta dahil ang Diyos ang pumili sa kanila. Ayon nga sa ating nabasa sa talata labinwalo, "kaya mula sa kanila, pipili ako para sa kanila ng isang propetang katulad mo. Sasabihin ko sa kanya ang aking kalooban, at siya ang magsasabi nito sa mga tao." Kung gayon, ang Diyos ang tumatawag at nagtatalaga sa isang tunay na propeta. Ayon din sa talatang ito, ang tunay na propeta ay may malaking responsibilidad. Siya ang tagapagsalita ng Maykapal. Ika nga ay "spokesperson." Ngunit hindi sya tulad ng mga "spokesperson" na kilala natin. Sa talata dalawangpu, mababasa natin, "Ngunit ang sinumang propetang magsalita para sa ibang diyos o kaya'y magkunwaring nagsasalita para sa akin subalit hindi ko naman inatasan, ang propetang tulad niyon ay dapat patayin." Ganun po kabigat ang pinanghahawakan ng isang propeta ng Diyos. Dahil dito, ang propeta ay dapat disiplinado. Maingat siya sa kanyang pananalita at gawa. Dapat sa kanyang Diyos lamang siya susunod at sa Diyos lamang magmumula ang kanyang mensahe para sa tao. Kung ating babasahin ang mga aklat ukol sa mga propeta, mapapansin natin na lagi nilang binibigkas ang "Ganito ang ipinapasabi ni Yahweh" o "Thus saith the Lord." Ito ang tanging bungad na pananalita ni Moises tuwing siya'y haharap sa Faraon. Ating mababasa sa Exodo kapitulo 5, talata 1: "Ipinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, na payagan ninyong pumunta sa ilang ang kanyang bayang Israel." Mas gusto ko pong basahin sa King James Version na sinasabing, "Thus saith the Lord, let my people go, that they may hold a feast unto me in the wilderness." Hindi po sinabi ni Moises na "Bilang isang propeta, ito ang sinasabi ko sa iyo..." Kung kaya't mula kay Moises hanggang kay Jeremias (Jeremiah) hanggang kay Malakias (Malachi), ang mensaheng kanilang hinahayag ay may kalakip na "thus saith the Lord..." o ganito ang ipinapasabi ng Panginoon.

Gaano po ba kahalaga ang salita ng Diyos sa atin? Ayon sa Mangangaral, "Where the word of a king is, there is power." (Eccl. 8:4), eh paano pa kaya ang salita ng Hari ng mga hari? Naaalala po ba ninyo kung ano ang nakasaad sa Genesis kapitulo 1 talata isa hanggang dalawa (1-2)? Ang sabi rito, "Nang pasimula ay

*Ang Sugo At Ang Salita... page 2*

nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa; ang lupa ay walang hugis o anyo. Dilim ang bumabalot sa kalaliman at kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ibabaw ng tubig. Sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng liwanag!” At nagkaroon nga.” Una sa lahat ang salita ng Diyos ay makapangyarihan. Mula sa salita ng Diyos ang kalawakan ay kanyang nilikha, gayun din ang langit at lupa, ang araw, buwan at mga bituin sa kalangitan, ang mga hayop sa dagat at lupa. Mula sa salita ng Diyos, tayo ay nilikha Niya. Ang salita ng Diyos ay tunay na makapangyarihan.

Pangalawa, ang salita ng Diyos ay nagbubunyag ng katotohanan tungkol sa ating pagkatao at nagpapabago sa ating buhay. Mayroon pong nagsabi ng ganito, “The word of GOD convicts the human heart, exposes sin and reveals one’s true need for GOD and His grace.” Naaalala po ba ninyo ang kwento noong isinugo ng Diyos kay haring David ang propetang si Natan upang harapin sya tungkol sa pagkamatay ni Urias? Napasigaw sa galit si David sa parabulang ikinuwento ni Natan. Ngunit ang kanyang galit ay humupa at napalitan ito ng taos-pusong pagsisisi nang sabihin ni Natan na, “Ito ang ipinapasabi sa iyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel...” (2 Sam. 12:7-9) at isiniwalat ang kanyang kasalanan. Ayon nga sa Mga Hebreo kapitulo 4 talata labindalawa (12), “Ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila’y may talim. Ito’y tumatagos maging sa kaibuturan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng puso.”

Ang salita ng Diyos ay kayang magpabago hindi lamang sa isang tao kundi sa isang buong lungsod tulad ng Nineve. Mababasa natin na nagsisi at humingi ng kapatawaran ang mga taga-Ninive pagkatapos ihayag ng propetang si Jonas ang salita ng Diyos. Dahil dito, nahabag ang Diyos sa kanila at sila’y pinatawad Niya. Sinasabi nga sa unang liham ni Pedro kapitulo uno, talata dalawangpu’t tatlo, “Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng binhing nasisira, kundi sa pamamagitan ng buháy at walang kamatayang salita ng Diyos.” Ang salita ng Diyos ay hindi lamang nagbubunyag ng ating estado sa mata ng ating Panginoon, ito rin ay nagsisilbing gabay upang tayo ay manumbalik sa Kanya.

Pangatlo, ang salita ng Diyos ay hindi lang isang uri o paraan ng pagbibigay ng ekspresyon. Hindi ito isang elemento ng wika sapagkat ang salita ng Diyos ay nagkahugis at nagkatawang-tao kay Hesu Kristo. Sinasabi sa Juan kapitulo uno,

talata isa, “Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.” Nakasaad din sa talata labing apat na “Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiayang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan.” Kung ihahalintulad natin si Hesus sa mga propeta, sa tingin ko po, si Hesus ay higit pa sa kanila. Ang propeta ay tagapagdala ng salita ng Diyos samantalang si Hesus ang salita ng Diyos! Jesus is the word of GOD incarnate. Samakatuwid, tunay ngang makapangyarihan si Hesus! Hindi ba’t sinabi rin sa Juan, “Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.” Ang kapangyarihan ni Hesus ay makikita natin sa kanyang kilos at gawa: sa paggaling ng may sakit, sa pagtigil ng bagyo, sa muling pagkabuhay ni Lazaro, at marami pang iba. Kung ating papansinin, madalas ang mga himalang ito ay ginawa ni Hesus gamit ang salita. At para sa akin, ang pinakamakapangyarihang salita ni Hesus ay “Tapos na” sapagkat ito ay nagbibigay pag-asa na tayo ay iniligtas Niya mula sa matinding kapootan ng Diyos dahil sa ating mga kasalanan.

Ang salita ng Diyos ay makapangyarihan. Ito ay nagbubunyag ng katotohanan. Ito ay nagpapabago at nagbibigay ng bagong buhay. At ang mga katangiang ito ay nakapaloob sa ating Panginoon at Tagapagligtas, si Hesus, ang salita ng Diyos. At kung si Hesus ang ating Panginoon at Tagapagligtas, purihin natin ang Diyos sapagkat nasa inyo, nasa atin ang Salita ng Diyos. Kaya mga kapatid, ano ang gagawin ninyo sa magandang balita ng Diyos, dito sa maganda at makapangyarihan at banal na Salita ng Diyos? Handa ba tayong tawagin ng Panginoon upang ipahayag ang Kanyang mabuting salita? Sasagot ba tayo tulad ni Isaias na, “Narito po ako; ako ang inyong isugo!” O sasabihin nyo sa ibang tao, “Ewan ko sa iyo, basta ako alam ko?” Ito ang mensahe ng Panginoon sa atin. Ito ang salita ng Diyos. Amen.